

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton itinataguyod ang GT20, BHive at Algoma Brampton sa misyon ng panghihikayat ng pamumuhunan sa Pakistan

BRAMPTON, ON (Mayo 12, 2023) – Nakumpleto ng Lungsod ng Brampton ang unang matagumpay na misyon nito sa personal na pamumuhunan sa Pakistan sa linggong ito, kung saan ang isang delegasyon ng napiling mga opsyales at mga eksperto sa pagpapaunlad ng ekonomiya ay nakipagtagpo sa potensyal na mga investor at kasosyo sa negosyo sa hinaharap.

Ang misyon ay pinamunuan ni Mayor Patrick Brown at kabilang sina City Councillor Rod Power, ang Canada Pakistan Business Council, Presidente at Vice-Chancellor ng Algoma University na si Asima C. Vezina, at mga miyembro ng Economic Development Office ng Lungsod ng Brampton, kabilang si Director Clare Barnett.

Nakipagtagpo ang delegasyon sa nangunugnang mga kumpanya, Netsol Technology at Contour Software House, pati na rin sa mga executive ng cybersecurity, medikal na teknolohiya at advanced manufacturing, na nakaayon sa mahahalagang sektor sa pag-unlad ng Lungsod. Pinupuntirya ng Lungsod ng Brampton ang mga focus area para sa mga misyon ng paghihikayat ng pamumuhunan batay sa pag-aanalisa na mula sa datos na tumutukoy sa kung aling mga market ang may pinakamagagandang oportunidad para sa pamumuhunan at pangmatagalang paglago ng trabaho batay sa naunang pandaigdigang mga pagsisikap, ang diverse na mga tao, demograpikong pagkakatulad sa Lungsod ng Brampton, at mga oportunidad sa Business Retention and Expansion (BR&E).

Ginagamit na basehan ang anunsiyo nito kamakailan tungkol sa ekspansyon sa Brampton, nakipagtagpo si Mayor Brown sa Unity Technology sa stop over nito papuntang Pakistan sa Abu Dhabi at nag-tour sa kanilang Centre of Excellence. Ang Innovation District ng Brampton ay malapit nang magiging tahanan ng National Centre of Excellenceng Unity kasama ang Algoma University, na nagpapaunlad ng talento sa sektor ng video gaming. Ang PwC's Global Entertainment & Media Outlook 2022-2026 ay nag-ulat ng forecast sa pandaigdigang kita sa video games at esports na lalago sa US\$323.5 bilyon sa 2026. Sa eksepsiyonal na paglago na nakita sa industriyang ito, nakatuon ang Lungsod sa oportunidad na ito at paghahatid ng mga trabaho sa hinaharap sa Brampton.

Sa Karachi, Pakistan, nakipagtagpo si Mayor Brown kay dating captain ng cricket team ng Pakistan na si Shahid Afridi. Magbibiyaha si Afridi papunta sa Brampton para sa torneyo ng GT20 Canada sa summer na ito. Ang Brampton ay mabilis na magiging cricket capital ng Canada dahil nagsisikap itong magtayo ng world class multi-purpose cricket facility sa City Lands site nito.

Nakipagtagpo rin ang delegasyon sa Punjab Board of Investment and Trade, at sa Punjab IT Board para i-strategize ang karagdagang mga pagkakataon sa pagtutulungan. Inaasahan ng Brampton ang pag-host ng ilang mga delegasyon mula sa Pakistan sa panahon ng Collision, isa sa pinakamalalaking kumperensiya ng teknolohiya sa mundo, na magaganap sa Rehiyon ng Hunyo.

Ang BHive, isang nangungunang start-up incubator sa Innovation District ng Brampton, ay isang mahalagang promosyonal na haligi sa panahon ng misyon. Ang Programa nitong Global Entrepreneur

Incubation ay dinisenyo upang makatulong sa pandaigdigang mga negosyante na makakuha ng mga resource na kailangan nila para pumalit sa pamilihan ng North America, na lumilikha ng isang soft-landing space para sa mga pandaigdigang startup, at isinama bilang isang mahalagang suporta sa maraming mga pagpupulong kasama ang mga manufacturer na naghahangad na mag-expand sa Brampton.

Hinihintay ng BHive ang pakikipagtulungan sa mga Pakistani startup sa susunod na cohort sa spring na ito kabilang ang co-founder at CEO na si Arsalan Kayani ng MyTutorPod, isang inobatibong Edtech platform na naglalayon na i-democratize ang access at pagiging available ng pag-tutor para sa mga estudyante sa abot-kayang gastos, batay sa indibidwal na mga pangangailangan, soft-landing space para sa mga pandaigdigang startup, at kabilang ang mga pagpupulong kasama ang mga manufacturer na naghahangad na mag-expand sa Brampton.

Pinupunterya ng Lungsod ng Brampton ang mga focus area para sa Mga Misyong Paghikayat ng Pamumuhunan batay sa pag-aanalisa na mula sa datos na tumutukoy kung aling mga market ang may pinakamagandang oportunidad para sa pamumuhunan at pangmatagalang paglago ng trabaho batay sa naunang pandaigdigang mga pagsisikap, ang diverse na mga tao, demograpikong

Mga Quote

“Ang mga misyon tulad nito ay susi sa pagtatayo ng malakas, posibleng mga relasyon na magdadagdag ng karagdagang pag-unlad at pamumuhunan dito sa Brampton. Nagpapasalamat tayo sa mainit na pagtanggap at mabungang pag-uusap na naganap sa paglago ng negosyo at sa pag-host ng Lungsod sa GT20 Cricket Tournament sa summer na ito. Inaasahan natin ang pagtanggap sa lumilitaw na mga negosyo mula sa buong mundo sa Brampton sa pamamagitan ng ating premier startup incubator BHive habang nagtatayo ng isang inobatibo, mapanlikha at konektadong komunidad na may kamangha-manghang bright na mga manggagawa na handang dalhin ang ating Lungsod sa bagong tuktok.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Economic Development Office ng Lungsod ng Brampton ay patuloy na bubuo ng mga plano, proyekto at inisyatibo na tumutuon sa paghikayat ng pamumuhunan sa mahahalagang market para dalhin ang pamumuhunan sa lungsod, katulad nitong kasalukuyan misyon na paghikayat ng pamumuhunan sa Pakistan.”

- *Clare Barnett, Director, Economic Development*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 90,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton

multiculturalmedia@brampton.ca